HEKASI 5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# EDUKASYON NG MGA UNANG PILIPINO, NAIIBA BA?

Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS), DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

## GRADE V

# EDUKASYON NG MGA UNANG PILIPINO, NAIIBA BA?

### ALAMIN MO

Basahin at unawain ang komik strip sa ibaba.




Noong panahon ng mga Unang Pilipino o ninuno, ganito ang mga itinuturo sa kani-kanilang mga anak.

Sinasabi rin na may sistema na sila ng edukasyon bago pa man dumating ang mga dayuhan.

Paano tinuturuan ang mga bata noon? Anu-ano ang kanilang pinag-aaralan?

Ang kasagutan sa mga tanong na ito ang tatalakayin natin sa modyul na ito.

Halina, pag-aralan mo!



## PAG-ARALAN MO

Basahin mo ang dayalog na ito:

| | | |
|---|---|---|
| Mark | : | Lolo may takdang-aralin kami. Tatalakayin naming bukas ang tungkol sa edukasyon ng ating mga ninuno. Paano po ba nag-aaral ang mga bata noon? |
| Lolo | : | Naku apo, noong panahon, wala pang mga paaralan. Di pormal ang edukasyon. Ang mga bata ay tinuturuan ng kanilang mga magulang sa tahanan o sa lilim ng mga puno. |
| Mark | : | Anu-ano po ang itinuturo sa kanila? Katulad din po ba nang sa ngayon? |
| Lolo | : | Ang mga batang babae noon ay tinuturuan ng mga gawaing-bahay tulad ng paglilinis, pagluluto, paglalaba, pag-aalaga ng maliliit na kapatid, at iba pa. |
| Mark | : | Ano naman po ang itinuturo sa mga batang lalaking tulad ko? |
| Lolo | : | Ang mga batang lalaki ay tinuturuan ng pagsibak ng kahoy, pag-igib ng tubig at pagkumpuni ng mga sirang kagamitan sa tahanan. |



Mark : Di maliit pa lang po noon ay marunong na ng mga gawaing-bahay? Nakatutulong agad sila sa mga magulang. Bukod dito, mayroon pa po bang iba?

Lolo : Oo naman, tinuruan din silang sumulat, bumasa, at bumilang. Sa pagkuwenta, gumamit sila ng timbangan na tularo ang tawag. Gumamit din sila ng kaban, salop, at gatang.

Mark : Ang galing naman Lolo. Di ba sabi ni Lola, ginamit nila ang kanilang kamay at daliri sa pagsukat ng haba tulad ng dipa, dangkal, at dali?

Lolo : Ang galing mo iho, natatandaan mo pa pala yan. Halika may ipakikita ako sa yung mga larawan. Ito ang sinaunang abakadang Filipino.

## Ang Alibata

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| a | ᜀ | i | ᜁ | u | ᜂ |
| ka | ᜃ | ki | ᜃᜒ | ku | ᜃᜓ |
| ga | ᜄ | gi | ᜄᜒ | gu | ᜄᜓ |
| nga | ᜅ | ngi | ᜅᜒ | ngu | ᜅᜓ |
| ta | ᜆ | ti | ᜆᜒ | tu | ᜆᜓ |
| da | ᜇ | di | ᜇᜒ | du | ᜇᜓ |
| na | ᜈ | ni | ᜈᜒ | nu | ᜈᜓ |
| pa | ᜉ | pi | ᜉᜒ | pu | ᜉᜓ |
| ba | ᜊ | bi | ᜊᜒ | bu | ᜊᜓ |
| ma | ᜋ | mi | ᜋᜒ | mu | ᜋᜓ |
| ya | ᜌ | yi | ᜌᜒ | yu | ᜌᜓ |
| la | ᜎ | li | ᜎᜒ | lu | ᜎᜓ |
| wa | ᜏ | wi | ᜏᜒ | wu | ᜏᜓ |
| sa | ᜐ | si | ᜐᜒ | su | ᜐᜓ |
| ha | ᜑ | hi | ᜑᜒ | hu | ᜑᜓ |

Mark : Ibang-iba po pala yang abakada nila. Ilan po ba ang patinig at katinig?

Lolo : May 17 titik ang sinaunang abakada. 3 ang patinig at 14 ang katinig. Alibata ang tawag dito. Sa pagsulat ginamit nila ang matutuliis na patpat at bakal na tinawag nilang sipol. Ang naging sulatan nila ay ang mga dahon at balat ng kahoy o kawayan.

Mark : Yeepeeh! Marami akong maisasagot bukas sa klase. Maraming salamat Lolo.

Lolo : Walang anuman. Gusto ko maging bida ka sa klase .

Mark : Aba, eto si Lola. Ano po yang dala niyo?

Lola : Kanina pa ako nakikinig sa inyo kaya naalala ko ito. Basahin mo baka makadagdag sa iyong kaalaman

Ang pinakamatandang katibayan na may sistema na ng pagsulat ang mga unang Pilipino bago pa man dumating ang mga unang Espanyol sa bansa ay ang isang nahukay na tapayang natagpuan sa Calatagan, Batangas.

Sa Panay ay may regular na paaralan na kung tawagin ay ang “*bothoan*”. Dito tinuturuan ang mga bata na sumulat, bumasa, bumilang at gumamit ng sandata kung kinakailangan.


Mark : Lola, maraming salamat din po. Talagang magiging bidang-bida ako dahil marami akong maibabahagi sa aking kamag-aral.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa?

May pagkakaiba ba ang sistema ng edukasyon noon sa ngayon?




Pag-aralan mo ang dayagram na ito. Sagutin mo ang mga tanong pagkatapos nito.



1. Bakit nasasabing di pormal ang sistema ng dukasyon sa panahon ng ninuno?
2. Sinu-sino ang mga naging guro noong unang panahon?
3. Anu-anong mga kasanayan ang tinuturo sa mga babae/lalaki lamang?
4. Anu-ano ang kanilang mga asignatura?

## PAGSANAYAN MO

A. Punan mo ng wastong sagot ang grapikong presentasyon sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwadernong sagutan




B. Itala mo ang mga kasanayang itinuturo lamang sa mga lalaki at babae.

Mga Kasanayang Itinuturo lamang sa mga…….

| Babae | Lalaki |
| --- | --- |
| | |

C. Isulat mo sa loob ng banga ang pinakamatandang katibayan na may sistema na ng pagsulat ang mga unang Pilipino bago pa man dumating ang mga Kastila sa bansa.



D. Mga ginamit sa pagsulat | Mga ginamit na sulatan

## TANDAAN MO

- Walang pormal na edukasyon sa panahon ng mga ninuno. Nag-aaral sa tahanan ang mga bata sa patnubay ng kanilang magulang.
- Ang nahukay na tapayan sa Calatagan, Batangas ang pinakamatandang katibayan na may sistema na ng pagsulat ang mga ninuno bago pa man dumating ang mga Espanyol sa bansa.

## ISAPUSO MO

Napag-aralan natin na sa panahon ng ninuno may mga kasanayang pambabae at kasanayang panlalaki lamang. Sa kasalukuyan di na ito totoo. Kung ano ang kayang gawin ng mga lalaki ay kaya ring gawin ng mga babae at gayundin ang mga gawaing pambabae ay ginagawa na rin ng mga lalaki.

Narito ang talaan ng mga gawain. Kopyahin mo sa iyong kuwaderno ang mga kaya mong gawin.

1. paglilinis ng bahay
2. paglalaba ng damit
3. paghuhugas ng pinggan
4. pamimili sa palengke
5. pagluluto ng sinaing
6. pag-aalaga ng bata
7. pagtatanim at pag-aalaga ng mga hayop
8. pagsulsi ng sirang damit
9. pagnhuhuli ng isda
10. pagkukumpuni ng mga sirang kagamitan

Nagkakaibba ba ang mga kayang gawin ng mga batang babae at lalaki ngayon? Bakit?

Dapat mo bang ikahiya ang mga gawaing kaya mong gawin? Bakit?

Paano mo maipagmamalaki ang iyong kakayahan?



## GAWIN MO

A. Hanapin mo ang tamang salita na may kinalaman sa edukasyon ng mga ninuno. Isulat mo sa iyong kuwadernong sagutan.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | A | L | I | S | D | I | S |
| A | L | I | B | A | T | A | I |
| N | A | S | I | R | U | A | P |
| G | A | L | I | N | L | A | O |
| K | L | A | R | O | A | P | L |
| A | A | B | U | R | R | A | I |
| L | H | S | A | L | O | P | R |
| I | A | L | A | A | L | A | Y |



B. Gumuhit ka ng tatlong bagay na ginagawa pareho ng babae at lalaki. Gawin mo ito sa isang malinis na papel.



## PAGTATAYA

Isulat mo sa iyong kuwadernong sagutan ang wastong sagot sa sumusunod na mga katanungan.

1. Walang pormal na edukasyon ang ating mga ninuno. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral ay __________.
    a. pumapasok sa malalaking paaralan
    b. nakapipili ng paaralan
    c. nag-aaral sa kani-kanilang tahanan
    d. tinuturuan sa loob ng silid-aralan

2. Kung ang mga babae ay tinuturuan upang maging handa sa pagiging ina ng tahanan, ang mga lalaki naman ay tinuturuan upang maging mabuting _____________ ng tahanan.

3. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa alpabeto ng mga unang Pilipino?
    a. may 17 titik, 14 ang katinig at 3 ang patinig
    b. may 17 titik, 12 ang katinig at 5 ang patinig
    c. may 17 titik, 13 ang katinig at 4 ang patinig
    d. may 17 titik, 11 ang katinig at 6 ang patinig

4. Bago pa man dumating ang mga Espanyol ay may sistema na ng pagsulat ang ating mga ninuno. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapatunay dito?
    a. nakasusulat na sila ng kanilang alpabeto
    b. may isang nahukay na tapayang ipinakikita ang pagsulat na natagpuan sa Calatagan, Batangas
    c. may mga titik ang alpabeto na binubuo ng 13 katinig at 4 na patinig
    d. nakasusulat sila ng kanilang pangalan




5. Sa pagkuwenta, ang mga ninuno natin ay gumagamit ng timbangan na tularo ang tawag. Gumamit din sila ng kaban, salop, at gatang. Samakatuwid _____________
    a. ang mga ninuno natin ay walang kaalaman sa pagkuwenta
    b. di sila nakabibilang at nakapagkukuwenta
    c. may paraan sila ng pagbilang at pagkuwenta
    d. makabago ang pamamaraan ng kanilang pagbilang at pagkuwenta

## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Ang salawikain at mga kasabihan ay ginagamit ng mga magulang sa pagtuturo ng kagandahang asal sa kanilang mga anak.

Magsaliksik ka ng mga salawikain o mga kasabihan



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.